Lumalakad sa Tuwid na Landas

I

Ang matatalino ay hindi naloloko ng labis na papuri. Bawa't isa, mangyari pa, ay nahihikayat ng papuri. Subali't alalahanin natin na ang pag-asam ng papuri ay nagpapahina sa ating pagpapasiya.

Minsan nakakita ang fox ng uwak na lumipad nang may kapirasong keso sa kanyang tuka. "Kailangan kong makuha ang kesong iyon," sabi ng fox sa kanyang sarili at sinundan ang anino ng ibon hanggang sa ito ay dumapo sa sanga ng isang punong-kahoy.

"Magandang araw, minamahal kong kaibigan," sabi ng fox, ipinapakita ang kanyang pinakamabuting kilos. "Napakaganda mo ngayong araw na ito. Ang iyong mga balahibo ay kumikinang at ang iyong mga mata ay nagniningning gaya ng mga hiyas. Tiyak, mayroon ka ring napakahusay na boses. Ah! Kung maaari lamang kitang marinig na umawit."

Ang mga salitang ito ay tulad ng sariwang tubig na pumawi sa pagkauhaw ng uwak sa papuri. Kaya't itinaas niya ang kanyang ulo nang may pagmamalaki at nagsimulang maghandog ng awit sa ngalan ng kanyang mapang-akit na kaibigan.

Siyempre, sa sandali na kanyang ibinuka ang kanyang tuka, ang kapirasong keso ay nahulog. Sinalo agad ito ng fox bago pa sumayad sa lupa at tumakbong palayo, samantalang ang di-kagandahang boses ng uwak ay pumuno sa hangin.

PAG-UNAWA

Sagutin ang sumusunod na mga tanong sa ibaba ng buong pangungusap.

1. Ano ang nakita ng fox ? _____
   _____
2. Ano ang tangay ng uwak sa kanyang tuka? _____
   _____
3. Ano ang ginawa ng fox upang makuha ang keso? _____
   _____
4. Tunay nga ba na ang uwak ay may magandang boses? _____
   _____
5. Ang fox ba ay tapat sa kanyang papuri sa uwak? _____
   _____

6. Ang kuwento ba ay nangyari sa siyudad, nayon, o gubat? _____

_____

Bukabularyo

Buuin ang bawa't pangungusap sa ibaba gamit ang isa sa sumusunod na mga salita:

hinikayat, pag-aasam, mapang-akit,
anino, papuri, nasiyahan, mapagmalaki,
kaaya-aya, pagpapasiya, humina

1. Inakala ng guro na ang kanyang mga estudyante ay masisipag at siya ay palaging puno ng _____ para sa kanila.
2. Si Armando at ang kanyang kapatid na lalaki ay gumugol ng _____ araw na magkasama, nagtatrabaho sa bukid at pinag-uusapan ang kanilang mga plano sa hinaharap.
3. Si Hong Mei ay mahilig maglakbay at may _____ na makakita ng mga bagong lugar.
4. Mayroon siyang magandang boses, at ang kanyang guro ay _____ siyang mag-aral ng musika.
5. Ang magbubukid ay nagpakita ng mahusay na _____ sa pagtatanim ng kanyang mga buto pagkatapos ng unang ulan.
6. Si Chandu ay hindi _____ sa grado na kanyang natanggap sa kanyang pagsusulit, kaya nagpasiya siyang mag-aral pa nang mabuti.
7. Si Zhong Jiang ay nasa panganib, pero dahil siya ay sobrang _____, hindi niya hahayaan ang sinuman na tulungan siya.
8. Sa pagtatapos ng isang araw, ang mahabang _____ ng puno ay lumilim sa hardin.
9. Ito ay isang _____ na kuwento, at ang mga bata ay nais itong pakinggan nang paulit-ulit.
10. Siya ay lubhang _____ dahil sa sakit, subali't kaagad nagsimulang magtrabaho muli, sa paniniwala na siya ay lalakas din sa tamang panahon.

Talakayan

Paano natin matitiyak na hindi tayo maloloko ng labis na papuri?

PAGSASAULO

“Pangalagaan ang inyong mga sarili nang may lubos na pag-iingat, nang hindi kayo makulong sa bitag ng pandaraya at panloloko.”

II

Ang paghahanap ng kamalian sa iba ay mapanganib na ugali. Hindi natin makikita ang ating mga pagkukulang kung sasayangin natin ang ating oras sa pag-iisip na nakatataas tayo sa iba. Hindi ba higit na karapat-dapat na ang pagtatama ng ating sariling mga kamalian ang paggamitan ng ating lakas?

Isang tao na kilala sa kanyang dunong ay dinala ang kanyang anak na lalaki sa isang napakagandang hardin upang magdasal at magnilay-nilay. Maraming iba pa ang nagtitipon din doon para sa parehong layunin. Ang halimuyak ng mga bulaklak, ang mabining bulong ng simoy, at ang tahimik na lagaslas ng sapa ay lumikha ng mapayapang damdamin. Ang ama at ang anak na lalaki ay naupo sa lilim ng isang puno. Ang batang lalaki, sinundan ang halimbawa ng kanyang ama, ay ipinikit ang mga mata at pinuno ang kanyang isip nang mga espiritwal na kaisipan. Subali't pagkaraan ng ilang saglit ay napagod siya. Nawala ang kanyang konsentrasyon at nagsimulang tumingin sa paligid, una sa mga bulaklak at sa mga ibon, at pagkatapos ay sa mga tao. Sa kanyang pagkagulat, nakita niya na ang higit sa kalahati sa kanila ay tulog. Ang batang lalaki ay nag-isip tungkol dito: "Lahat ng mga taong ito ay nagpunta rito upang magdasal. Iniisip nilang lahat na sila ay deboto at relihiyoso. Nguni't sila ay hindi nagdarasal. Sila ay nagkukunwari lamang." Ito ay bumagabag sa kanya. Kaya't nagpatuloy siya sa pag-iisip nito, at isang kaisipan ang dumating sa kanya, tunay na mapanganib na kaisipan. Siya ay bumaling sa kanyang ama at nagtanong, "Hindi ba tayo nakahihigit doon sa mga natutulog sa halip na nagdarasal?"

Ang ama ay nanatiling tahimik ng ilang saglit at pagkatapos ay sumagot, "Maaari nga sana, kung hindi mo itinanong ang tanong na iyan."

PAG-UNAWA

Sagutin ang mga tanong sa ibaba ng buong pangungusap.

1. Bakit nagpunta ang ama at ang kanyang anak na lalaki sa magandang hardin? _____

   _____

2. Sila lamang ba ang naroroon? _____

   _____

3. Ano ang nasa hardin na lumikha ng mapayapang damdamin? _____

   _____

4. Saan naupo ang ama at ang kanyang anak na lalaki? _____

   _____

5. Ano ang ginawa ng batang lalaki na sumunod sa halimbawa ng ama? _____

_____

6. Kailan nagsimulang tumingin ang bata sa paligid? _____

_____

7. Ano ang nakita ng bata? _____

_____

8. Ano ang bumagabag sa kanya?_____

_____

9. Anong mapanganib na kaisipan ang dumating sa kanya? _____

_____

10. Ano ang itinanong niya sa kanyang ama? _____

_____

11. Ano ang sagot ng ama? _____

_____

BUKABULARYO

Buuin ang bawa't pangungusap sa ibaba gamit ang isa sa sumusunod na mga salita:

nakatataas, pagkukulang, padtutok,
halimuyak, bulong, damdamin lakas,
nagkunwari, mapanganib, nilay-nilayin

1. Ang mga kalsada ay madulas dahil sa ulan, kaya pinanatili ng tagapagmaneho ang kanyang _____ ng diretso.
2. Alam na alam niya ang kanyang sariling _____ at ginagawa ang lahat upang malampasan ito.
3. Mahirap unawain ang kanyang sinabi dahil palagi siyang nagsasalita sa mahinang _____
4. Ang mga bata ay nag-uusap at nagtatawanan hanggang sa lumalim ang gabi subali't _____ na tulog sa sandaling ang kanilang magulang ay pumasok sa kwarto.
5. Tinatrato niyang mababa ang bawa't isa dahil pakiramdam niya na siya ay _____ sa kanila.
6. Ang mga bulaklak ay nagbigay ng kanais- nais na _____.
7. Siya ay isang hindi kaagad-agad kumikilos; naglalaan siya ng panahon na _____ sa bawa't sitwasyon bago kumilos.

8. Ang aking ama ay tumulong sa aming kapitbahay na magbungkal ng kanyang bukid buong maghapon at wala nang natirang _____ sa kanya.
9. Ang mga bata ay naglalaro malapit sa kalsada, nguni't nang sinabihan sila na ito ay _____, sila ay huminto.
10. Ang makita ang pamayanang umunlad ay nagbigay sa konseho ng nayon ng _____ ng kaligayahan.

TALAKAYAN

Anong mga uri ng kaisipan ang maaaring magpahiwatig ng damdamin na nakahihigit ang isang tao?

PAGSASAULO

"Alam ba ninyo kung bakit Namin kayo nilikhang lahat mula sa iisang alabok? Upang wala sinuman ang magpataas ng kanyang sarili sa iba. Nilay-nilayin sa lahat ng sandali sa inyong mga puso kung paano kayo nilikha."